Tips to Avoid Home Health Fraud

Sakop rin ng Medicare ang mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan KUNG ikaw ay "homebound" (hindi kayang lumabas ng bahay ng walang matinding pagsisikap) at nangangailangan ng isa sa mga sumusunod na serbisyo: teraping pisikal, occupational na terapi, terapi sa pagsasalita, o serbisyo ng isang dalubhasang nars. Sakop ng Medicare ang magaang personal na pangangalaga (tulong sa pagligo, pagdadamit, atbp.) o routine na serbisyo, gaya ng pag- check ng presyon ng dugo o ibang sinyales ng buhay, bilang isang serbisyong pangkalusugan sa tahanan kung ikaw ay nagte-terapi o inaalagaan ng dalubhasang nars.

Ito ang ilang tips para maiwasan ang panlilinlang sa pantahanang kalusugan:

HUWAG…

- HUWAG ibigay ang iyong numero ng Medicare sa hindi mo kakilala, lalong-lalo na sa tumawag sa telepono, kumatok sa pinto, , o sa mga naglalako ng "libreng" serbisyo kapalit ng iyong numero sa Medicare. Ang mga "Libreng" serbisyo, gaya ng mga presentations, klase sa ehersisyo, at mga check-up sa kalusugan ay hindi nangangailangan ng iyong numero sa Medicare!
- HUWAG tumanggap ng mga serbisyo galling sa taong tumawag sa iyo sa telepono o bumisita ng walang pasabi, kahit na sabihin nila na sila ay pinadala ng iyong duktor!
- HUWAG magpapalista para sa mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan sa isang presentation o pagtitipon.
- HUWAG pumirma sa mga time sheets o ibang kasulatan ng hindi binabasa ang mga ito o huwag pumirma sa blangkong kasulatan.

MAAARING…

- MAAARING tawagan mo ang iyong duktor kung sa palagay mo ay kailangan mo ng serbisyong pangkalusugan sa tahanan. Ang iyong duktor ang mag-oorder ng kahit na anong serbisyo o kagamitan na kailangan mo.
- HUMINGI sa ahensya ng kalusugang pantahanan ng kopya ng iyong Plan of Care (Plano ng Pangangalaga) kung ikaw ay sinusuri para sa serbisyong pangkalusugan sa tahanan. (Ito ay paliwanag ng mga serbisyo na ipagkakaloob ng ahensya at kung bakit kinakailangan mo ito.) Ikaw at ang iyong duktor lamang ang maaaring magsuri ng kopya ng Plan of Care bago mo tanggapin ang serbisyong pangkalusugan sa tahanan.
- BASAHIN mo ang Medicare Summary Notice (MSN) (Paunawa ng Buod ng Medicare) o Explanation of Benefits (EOB) (Paliwananag ukol sa Benepisyo)na galling sa kumpanya ng iyong insurance. Bantayan ang mga serbisyo na hindi mo naman ginamit, mga serbisyo na hindi naman niriseta ng iyong duktor, o iba pang pagkakamali sa paniningil.

The Illinois SMP (Senior Medicare Patrol) Program educates consumers about health care fraud, waste, and abuse. If you have questions about a claim on your Medicare Summary Notice or Explanation of Benefits, call the Illinois SMP program at **(800)699-9043**. Information about the Illinois SMP program is also available on our website: **www.illinoissmp.org**

This document was supported, in part, by grant number 90MP0026 of the U.S. Administration on Aging, Department of Health and Human Services. Grantees undertaking projects under government sponsorship are encouraged to express freely their findings and conclusions. Points of view or opinions do not, therefore, necessarily represent official Administration on Aging policy.